# 72 long-term election observers ipinapadala sa buong Pilipinas ng EU Election Observation Mission

**Manila, 16 April 2025** – Nagpdala ng 72 long-term election observers sa buong Pilipinas ang European Union Election Observation Mission (EU EOM) upang obserbahan ang nalalapit ng halalan sa bansa. Bago sila ipadala sa mga rehiyon, sumailalim sila sa komprehensibong pagsasanay sa Maynila kung saan ipinaunawa sa kanila ang proseso ng halalan, ang lagay ng pulitika sa bansa, mga gawaing pangkampanya, at ang galaw ng balita at mga usapan sa media at social media.

Ang EU EOM ay pinamumunuan ni **Chief Observer Marta Temido**, isang miyembro ng EU Parliament mula sa Portugal. Siya ay bibisita sa bansa sa mga susunod na araw, habang si **Deputy Chief Observer, Manuel Sánchez de Nogués,** ay nasa bansa na upang pasinayaan ang pagpapadala ng observers. *"Ang aming mga long-term observers ay ipapadala sa iba't-ibang rehiyon sa bansa, kasama ang mga kalungsuran at kanayunan. Sila ay magoobserba ng buong proseso ng halalan, mula sa mga paghahanda, mga kampanya, pagboto, bilangan at mga aktibidad pagkatapos ng halalan sa Mayo 12. Sila ay makikihalubilo sa mga nangagasiwa ng halalan, mga representante ng civil society groups at mga miyembro ng media para lubusang maunawaan ang buong proseso ng halalan sa bansa."*

Aabot sa 100 short-term observers ang sasama sa EU EOM ilang araw bago ang araw ng halalan, at makakasama nila ang mga miyembro ng delegasyon ng EU Parliament at mga akreditadong diplomat. Sa kabuuan, higit sa 200 na observers mula sa mga bansang kasapi ng EU pati na ng mga bansang Canada, Norway at Switzerland ang mag-oobserba ng eleksyon sa Mayo 12.

*"Ang EU Election Observation Mission ay magsasagawa ng komprehensibong pag-aanalisa ng proseso ng halalan sa Pilipinas batay sa metodolohiyang binuo ng EU mula sa dalawang dekada nitong karanasan sa pag-oobserba ng mga halalan sa iba't-ibang bansa sa buong mundo. Tututukan ng misyon ang mahahalagang aspeto ng halalan, kabilang na ang legal na balangkas ng mga batas panghahalan, gawain ng mga nangangasiwa ng halalan, proseso ng kampanya, mahalagang bahagi ng media at social media, hanggang sa pagboto, pagtala at pagbilang ng boto at sa pagresolba ng mga pagtutol o pagprotesta sa resulta ng halalan,"* sabi ni Sánchez de Nogués.

Maglalabas ang EU EOM ng preliminary statement ilang araw matapos ang araw ng eleksyon at sila ay mananatili sa bansa hanggang sa katapusan ng Mayo. Matapos nito, ang pinal na ulat ay isasapubliko na may kasamang mga rekomendasyon para sa ikabubuti ng mga susunod na halalan.

Ang buong misyon ay tugon sa imbitasyon ng gobyerno ng Pilipinas na obserbahan ang National Midterm Elections ngayong taon. Ang EU EOM Philippines 2025, na nagsimula ng operasyon nuong Marso 28, ay isang malaya at hiwalay sa mga institusyon sa mga estadong kasapi ng EU. Naninindigan ang misyon na ito ay mananatiling tapat, walang kinikilingan at susunod sa Declaration of Principles for International Election Observation, sa Code of Conduct for International Election Observers at sa mga batas ng Republika ng Pilipinas.

***For any additional information, photos or footage, please contact:***
*-**Michela SECHI**, Press Officer (English) michela.sechi@eueomphilippines2025.eu (+63) 995 367 4980*
*-**Rosana OMBAO**, Press Officer Assistant (English & Filipino) rosana.ombao@eueomphilippines2025.eu (+63) 999 327 9639*

*Facebook – X – Instagram @EUeomPH2025*
*Website: philippines2025.eueom.eu*